Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hulyo 23, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 124, s. 1987

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKA SA TAONG 1987

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Pinuno ng Lingkuran at mga Puno ng mga Yunit/Center
Mga Tagapamahala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Ang Linggo ng Wikang Pilipino sa taong 1987 ay ipagdiriwang mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto. Ang paksa ay "Wikang Filipino sa Pambansang Kaunlaran." Hinati-hati ang pagdiriwang sa buong isang linggo sa sumusunod na paksang diwa sa bawat araw:

Huwebes, ika-13 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Kaunlarang Pang-edukasyon

Biyernes, ika-14 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Kaunlarang Pampamayanan

Sabado, ika-15 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad sa Kultura ng Bansa

Linggo, ika-16 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad ng Pagpapahalagang Moral at Ispiritwal ng mga Mamamayan sa Bansa

Lunes, ika-17 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad ng Pampamahalaang Kalagayan ng Bansa

Martes, ika-18 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad ng Lipunang Maka-Pilipino

Miyerkules, ika-19 ng Agosto

Ang Wikang Filipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan ng Bansa

2. Kalakip ng Memorandum na ito ang balangkas ng mga mungkahing gawain para sa isang linggong pagdiriwang ng Linggo ng Wika. Ang mga gawaing nabanggit ay kailangang isagawa sa Filipino upang ganap na mabigyang-pansin at mapahalagahan ng mga nag-aaral at ang patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman ng Wikang Pambansa na siyang pinakamabisang kasangkapan tungo sa ikapagtatamo ng pambansang kaunlaran.

3. Sikaping maganyak ang lahat ng mamamayan mula sa mga kabataang nag-aaral hanggang sa mga may sapat na gulang at lalung-lalo na ang mga taong may kaugnayan sa mga kilusang pangwika ng paaralan at pamayanan na makiisa at makilahok upang ganap na maging matagumpay ang pagdiriwang.

4. Ipinatatagubilin sa mga tagapamahala ng paaralan na ilakip sa kanilang taunang ulat ang lahat ng mga kilusan at gawaing ginanap kaugnay ng Linggo ng Wika sa taong 1987.

(LGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Kalakip:
Sipi ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri Blg. 117, s. 1986

Pamamahagi: 1-2-3-4 (M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

- CELEBRATIONS & FESTIVALS
- COMMUNICATION ARTS
- OFFICIALS
- PUPILS
- REPORT
- SOCIETY or ASSOCIATIONS
- STUDENTS

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 124, s. 1987)

# PALATUNTUNAN NG GAWAIN

Paksa: Wikang Filipino sa Pambansang Kaunlaran

Agosto 13 – Huwebes – Ang Wikang Filipino sa Kaunlarang Pang-edukasyon

a. Pagsasagawa ng pambungad na palatuntunan bilang paglulunsad sa isang linggong pagdiriwang na ang binibigyang diwa ay ang paksang diwa sa unang araw.

b. Pagsasaayos sa mga silid-aralan nang naaayon sa paksang diwa ng pagdiriwang.

k. Pagtatalakayan tungkol sa mahalagang ginagampanan ng Wikang Filipino sa kaunlarang pang-edukasyon ng bansa.

d. Paggamit ng Wikang Filipino sa mga paaralan at tanggapang pampamahalaan sa mga paliibot-liham, kautusang pangkagawaran, memorandum, pangkalahatang liham at iba pang kauri nito.

Agosto 14 – Biyernes – Ang Wikang Filipino sa Kaunlarang Pampamayanan

a. Paggganyak sa mga mamamayan sa pamayanan na maglunsad ng mga gawaing may kaugnayan sa paggamit ng Wikang Filipino.

b. Pagtatatag ng mga samahang pangwika.

k. Pagdaraos ng mga paligsahang pampurok sa pagtula, pagtatalumpati, pagbabalagtasan at pagtatanghal ng mga dula-dulaan.

d. Pagdaraos ng pampamayanang timpalak sa panitikan.

Agosto 15 – Sabado – Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad sa Kultura ng Bansa

a. Pagdaraos ng mga paligsahang pangkultura tulad ng pagguhit, paglilok, pagsayaw, at pag-awit na nagbibigay diin sa wastong paggamit at paglalarawan sa Wikang Filipino.

b. Pagsasagawa ng mga pananaliksik at pag-uulat tungkol sa kultura ng iba't ibang pook sa bansa na nagpapahayag ng kaugnayan sa Wikang Filipino.

k. Pagpapagawa ng mga sanaysay pormal at di pormal tungkol sa kaunlarang idinudulot ng Wikang Filipino sa pangkulturang kaunlaran ng bansa.

Agosto 16 – Linggo – Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad ng Pagpapahalagang Moral at Ispiritwal ng mga Mamamayan sa Bansa

a. Pagdalo sa mga seremonya sa Pananampalataya na tumatalakay sa kaunlarang idinudulot ng Wikang Filipino para sa pagpapahalagang moral at ispiritwal ng mga mamamayan.

b. Pakikilahok sa mga panayam at palitang-kuro tungkol sa mga banal na kasaysayan na nasusulat sa Wikang Filipino.

k. Pag-aanyaya sa mga puno ng simbahan na magbigay panayam tungkol sa paksang diwa.

Agosto 17 – Lunes – Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad ng Pampamahalaang Kalagayan ng Bansa

a. Paggamit ng Wikang Filipino sa pagdaraos ng mga pagpupulong at sesyong pampamahalaan.

b. Pag-uusap, pagtatalakayan, pagpapalitang-kuro at pagdedebate tungkol sa mga paksa at isyung napapanahon na ang ginagamit ay Wikang Filipino.

k. Pagdaraos ng mga asembleya na tatalakay sa mga suliranin at paraan ng paglutas sa mga ito na ang ginagamit ay Wikang Filipino.

Agosto 18 – Martes – Ang Wikang Filipino sa Pagpapaunlad ng Lipunang Maka-Pilipino

a. Pakikinig, panonood at pakikilahok sa mga pagtatanghal na panradyo, pantelebisyon at mga pelikulang dokumentaryo na tungkol sa wika at iba pang kasaysayang likas at katutubong Filipino.

b. Pakikipagtalakayan sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan bunga ng mga pagbabagong naganap sa lipunan maging sa kaisipan ng mga mamamayan at sa wikang kanilang ginagamit sa pagpapahayag.

k. Pag-uugnay sa paksang diwa sa mga aralin sa asignaturang Sibika at Kultura at pagbibigay-diin din dito sa mga gawaing ginagawa sa paglinang ng kabutihang-asal at wastong pag-uugali.

Agosto 19 – Miyerkules – Ang Wikang Filipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan ng Bansa

a. Paggamit ng Wikang Filipino sa paglulunsad ng mga kampanya para sa pagpapasagana ng pagkain.

b. Paggamit ng Wikang Filipino sa mga talakayan tungkol sa kaunlarang pangkabuhayan ng bansa.

k. Pag-uugnay sa paksang diwa sa mga asignaturang ginagamitan ng Wikang Filipino sa pagtuturo tulad ng Sibika at Kultura, Filipino at Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan.

d. Pagbabalangkas at paggawa ng mga panukala sa Wikang Filipino na hahango sa kahirapan ng mga mamamayan.

e. Pagtatanghal ng pangwakas na palatuntunan na tinatampukan ng mga talumpati na nagbibigay-diin sa paksang diwa.

#